Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-17 NG PEBRERO, 2003, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .......... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .......... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .......... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .......... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | .......... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 065 -T'03*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. RODOLFO S. SAN LUIS, KINATAWAN NG IKAAPAT NA DISTRITO NG LAGUNA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG DALAWANG MILYONG PISO (P2,000,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG BAGONG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN.*

*SAPAGKA'T,* malapit na hangarin ng sangguniang ito na makapagpagawa ng bagong tanggapan ng Sangguniang Bayan para sa maayos na paglilingkuran sa pamayanan;

*SAPAGKA'T,* lubhang masikip ang lugar –pulungan ng Sangguniang Bayan para sa pagpupulong at pagbibigay-daan sa mga taong napaanyayahan at nagnanais na makinig;

*SAPAGKA'T,* walang pondo ang pamahalaang bayan upang makapaglaan ng malaking halaga para sa pagpapagawa ng bagong Tanggapan ng Sangguniang Bayan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na humiling sa Kgg. Rodolfo S. San Luis, kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P2M para sa pagpapagawa ng bagong Tanggapan ng Sangguniang Bayan.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Inhinyero, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.
*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan